




HOW DEEP IS YOUR Love?

P. Alexis M. Miday



Ano ang panukat sa malalim na pagsunod?

“Hindi kayo makapapasok sa kaharian,” ani Hesus. Malamang ay nagulat na naman ang mga nakikinig sa Panginoon. Ang mga Eskriba at Pariseo, mga eksperto at tagapag-ingat ng kautusan, istrikto kung sumunod sa 613 na mga utos at higit pa, tapos sasabihang hindi sila makapapasok sa kaharian kapag hindi nila hinigitan ang kanilang pagsunod? Na hindi sila makapapasok sa langit kapag hanggang doon lang?

Ano ba ang kulang?

Ang kulang ay ang puso ng pagsunod. Inaakala nilang, palibhasa’y hindi nila nagagawa sa panlabas ang pumatay, maki-apid, at iba pa, ay hindi na raw nasusuway ang mga ito. Hindi dahil sa hindi nalalabag sa paggawa ng masama sa panlabas ang utos ay wala nang pananagutan ang tao. Dahil sa puso nagsisimula ang lahat ng banal at sala.

Ganito ang pagsunod...

Ang parteng mababaw:

Mabuti ang umiwas sa masama. Katulad ng mga istrikto na todo-iwas sa mga maaaring magdulot ng paglabag sa kautusan. Mahalaga ring may ganoon tayong simula sa ating paglakad sa kabanalan. Ngunit simula lamang iyon at hindi dapat maging motibasyon ng kabanalan ang pag-iwas o paglayo o maging ang takot. Sapagkat ang Kristiyanong pamumuhay ay buhay ng paglapit at hindi paglayo, pagmamalaskit at hindi pag-iwas. Ang pundasyon natin ay relasyon at hindi separasyon... ang masidhing relasyon ng Ama, Anak at Espiritu Santo. Kapag tungkol lang tayo sa pag-iwas, hindi natin lubos na mapapahalagahan ang pagkakatawang-tao ni Kristo na “*nakipamayan sa atin.*” Piniling lapitan ng Diyos ang tao kaysa manatili sa malayong langit.

Ang parteng malalim:

Minsang may nagtanong kay Hesus para subukin siya, “Guro, ano po ang pinakamahalaga sa mga kautusan?” Kung tungkol lang sa pag-iwas sa masama,

maaari sigurong pinili ni Hesus na pinakamahalaga ang isa sa mga utos na “huwag” gaya ng huwag kang papatay, maki-apid, magsinungaling, o magnasa. Ngunit hindi lang “huwag” o pag-iwas ang pinakamahalaga, kundi ang “ibigin mo ang Diyos at ang iyong kapwa.” Ang pinakamahalaga ay “ibigin mo” sapagkat ang pag-ibig ay hindi *one-dimensional*. Ang pag-ibig ay buhay, aktibo, at hindi lang sabay sa agos. Ang pag-ibig ay mapanglikha at hindi bato, ang pag-ibig ay nagbubunga at hindi tigang.

Kaya nga ang malalim na parte ng pagsunod ay ang magmahal. Pag-ibig lang ang pwersang nagpapalalim sa lahat ng gawa ng tao. Kaya nitong gawing kapatid ang kaaway; Kaya nitong iwan ang handog sa altar at makipagkasundo. Kaya nitong bakantehin ang sikmura sa pag-aayuno para i-alay sa kapwa. Kaya nitong magdulot ng ligaya sa bawat taong may pasan-pasang krus ng buhay araw-araw. Pag-ibig ang nagpapalalim sa pagsunod sa kautusan. Kaya’t ginanap ni Hesus ang lahat ng utos nang gawin niya lahat alang-alang sa pag-ibig.

Ang tanong, *how deep is your love?* Gaano kalalim ang iyong pag-ibig? Dahil kung gaano kalalim ang pag-ibig mo, ganoon din kalalim ang pagsunod mo kay Kristo. Ang pag-ibig ay balon na pinalalalim ang bawat pagsunod ng tao. Kapatid, *how deep is your love?*

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 31:2-3)

(Basahin kung walang pambungad na awit)

D'yos ko, ikaw ang kublihan, tagapagtanggol kong tunay. Iligtas mo't patnubayan yaring aking abang buhay sa ngalan mo'y umiiral.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag)

P—Sinasaki ni Hesus ngayon na ang panlabas na pagsunod sa batas ng Diyos ay hindi pa sapat upang tayo'y maging tunay na mga alagad niya. Kailangang magmula sa ating mga puso ang pagsunod sa mga kautusang ito. Sa pagdiriwang natin ng Eukaristiyang ito, tayo nawa'y lumago sa pag-ibig—pag-ibig na malaya, responsable, at bukas-palad.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

B—Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos, at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(dadagok sa dibdib)* sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, pinangangatawanan mong manahan sa mga may loobing tapat at maaasahan. Sa kagandahang-loob mo kami nawa'y makapamuhay bilang mga mapalad na maging iyong tahanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa

(Sir 15:15-20) *(Umupo)*

Sinasabi ni Sirak na ang Diyos na nakababatid sa lahat ay may nakahandang gantimpalang buhay para sa mabubuti at kamatayan sa mga makasalanan.

Pagbasa mula sa Aklat ni Sirak

KUNG gusto mo, masusunod mo ang utos ng Panginoon, ikaw ang magpapasaya kung magiging tapat ka sa kanya o hindi. Naglagay siya sa harapan mo ng tubig at ng apoy, kunin mo ang iyong maibigan. Makapipili

ka ng alinman sa dalawa: buhay o kamatayan, ang iyong mapili ang siyang mong tutunguhan. Dakila ang Karunungan at kapangyarihan ng Panginoon; nakikita niya ang lahat ng bagay. Nalalaman niya ang lahat ng ginagawa ng bawat tao, at kinakalinga niya ang mga may takot sa kanya. Kailanma'y wala siyang inutusang magpakasama, o pinahintulutang magkasala.

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 118)

T—Mapalad ang sumusunod sa utos ng Poong Diyos.

Amante

Em Am

Ma - pa-ladang su - mu-sunodsa

4 Em B7 Em

u-tos ng Po-ong Di - yos.

1. Mapalad ang mga taong malinis ang pamumuhay,/ ayon sa utos ng Poon ang gawain araw-araw./ Mapalad ang sumusunod sa kanyang kautusan,/ buong puso ang pagsunod sa utos na ibinigay. **(T)**

2. Ibinigay mo sa amin/ iyang iyong mga utos,/ upang aming talimahin at sundin nang buong lugod,/ gayon ako umaasa, umaasang magiging tapat,/ susundin ang iyong utos, susundin ng buong ingat. **(T)**

3. Itong iyong abang lingkod, O Diyos, sana'y pagpalain,/ upang ako ay mabuhay at ang utos mo ang sundin./ Buksan mo ang paningin ko pagkat nananabik masdan,/ yaong buting idudulot sa akin ng iyong aral. **(T)**

4. Ituro mo, Panginoon, layunin ng kautusan./ At iyon ang susundin ko habang ako'y nabubuhay./ Ituro mo ang batas mo't sisikapin kong masunod,/ buong pusong iingata't susundin nang buong lugod. **(T)**

Ikalawang Pagbasa (1 Cor 2:6-10)

Ang karunungan ng Diyos ay nabubunyag sa kahalagahan ng

pagtutubos sa krus ni Kristo para sa lahat.

Pagbasa mula sa unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

MGA KAPATID: Sa mga may sapat na gulang sa pamumuhay espirituwal, karunungan ang ipinangangaral namin, subalit hindi karunungan ng sanlibutang ito o ng mga tagapamahala sa ngayon na nakatakdang malipol. Ang tinutukoy ko ay ang panukala ng Diyos, na nalihim sa tao; itinalaga niya ito para sa ating ikadarakila, bago likhain ang sanlibutan. Isa man sa mga tagapamahala sa kapanahunang ito’y walang nakaunawa sa panukalang iyon. Sapagkat kung naunawaan nila iyon, hindi sana nila ipinako sa krus ang dakilang Panginoon. Ganito ang sinasabi ng Kasulatan, *“Hindi pa nakikita ng mata, ni naririnig ng tainga, hindi pa rin sumasagi sa isip ng tao, ang inihanda ng Diyos sa mga umiibig sa kanya.”*

Subalit ito’y inihayag ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Espiritu. Nasasaliksik ng Espiritu ang lahat ng bagay, maging ang pinakamalalim na panukala ng Diyos.

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Mt 11:25) (Tumayo)

B—Aleluya! Aleluya! Papuri sa Diyos Ama pagkat ipinahayag n’ya Hari s’ya ng mga aba! Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mt 5:17–37)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Huwag ninyong akalaing naparito ako upang pawalang-bisa ang Kautusan at ang aral ng mga propeta. Naparito ako, hindi upang pawalang-bisa kundi para ipaliwanag at ganapin ang mga iyon. Tandaan ninyo ito: magwawakas ang langit at lupa, ngunit ang kaliit-liitang bahagi ng kautusan ay ‘di mawawalan ng bisa hangga’t hindi nagaganap ang lahat.

Kaya’t sinumang magpa-walang-halaga kahit sa kaliit-liitang bahagi nito, at magturo nang gayon sa mga tao, ay ibibilang na pinakamababa sa kaharian ng Diyos. Ngunit ang gumaganap ng Kautusan at nagtuturo na tuparin iyon ay ibibilang na dakila sa kaharian ng Diyos. Sinasabi ko sa inyo: Kung ang pagsunod ninyo sa kalooban ng Diyos ay tulad lamang ng pagsunod ng mga eskriba at mga Pariseo, hindi kayo makapapasok sa kaharian ng Diyos.

“Narinig ninyo na noong una’y iniutos sa mga tao, ‘Huwag kang papatay; ang sinumang makamatay ay mananagot sa hukuman.’ Ngunit ngayo’y sinasabi ko sa inyo: ang mapoot sa kanyang kapatid ay mananagot sa hukuman; ang humamak sa kanyang kapatid ay mananagot sa Sanedrin, at sinumang magsabi sa kanyang kapatid ‘ulol ka!’ ay mapapasaapoy ng impiyerno. Kaya’t kung naghahandog ka sa Diyos, at maalala mo na may sama ng loob sa iyo ang kapatid mo, iwan mo muna ang iyong handog sa harap ng dambana at makipagkasundo ka sa kanya. Saka ka magbalik at maghandog sa Diyos.

“Kung may magsakdal laban sa iyo sa hukuman, makipagayos ka sa kanya habang may panahon, bago ka niya iharap sa hukom. At kung hindi’y ibibigay ka niya sa hukom, na magbibigay naman sa iyo sa tanod, at ikaw ay mabibilanggo. Sinasabi ko iyo; hindi ka makalalabas doon hangga’t hindi mo nababayaran ang kahuli-hulihang kusing.

“Narinig ninyo na noong una’y iniutos sa mga tao, ‘Huwag kang makikiapid.’ Ngunit ngayo’y sinasabi ko sa inyo: ang sinumang tumingin ng may mahalay na pagnanasa sa isang babae, sa isip niya’y nakiapid na sa babaeng iyon. Kung ang mata mo ang siyang nagiging sanhi ang iyong pagkakasala, dukutin mo at itapon! Sapagkat mabuti pang mawalan ka ng isang bahagi ng katawan kaysa buo ang iyong katawan itapon sa impiyerno. Kung ang iyong kamay ang siyang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin

mo at itapon! Mabuti pang mawalan ka ng isang bahagi ng katawan kaysa buo ang iyong katawan itapon sa Impiyerno.

“Sinabi rin naman, ‘Kapag pinahiwalay ng lalaki ang kanyang asawa, ito’y dapat niyang bigyan ng kasulatan ng paghihiwalay.’ Ngunit ngayo’y sinasabi ko sa inyo: kapag pinahiwalay ng lalaki ang kanyang asawa nang hindi naman ito nangalangunya, at ito’y nag-asawang muli, ang lalaking iyo’y nagkasala itinulak niya ang kanyang asawa sa pangangalunya. At sinuman mag-asawa sa babaing hiniwalayan ay nangangalunya.

“Narinig pa ninyo na noong una’y iniutos sa mga tao, ‘Huwag kang sisira sa iyong pinanumpaang pangako bagkus ay tupdin mo ang iyong sinumpaang Panginoon.’ Ngunit ngayo’y sinasabi ko sa inyo: huwag na kayong sumumpa kung nangangako kayo. Huwag ninyong sabihin, ‘Saksi ko ang langit,’ sapagkat ito’y trono ng Diyos; o kaya’y Saksi ko ang lupa,’ sapagkat ito’y tuntungan ng kanyang mga paa. Huwag din ninyong sabihin, ‘Saksi ko ang Jerusalem,’ sapagkat ito’y lungsod ng dakilang Hari. Ni huwag mong sabihin, ‘Mamatay man ako,’ sapagkat ni isang buhok sa iyong ulo’y hindi mo mapapuputi o mapaiitim. Sabihin mo na lang na ‘Oo’ kung oo at ‘Hindi’ kung hindi; sapagkat buhat na sa Masama ang anumang sumpang idaragdag dito.”

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (Umupo)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng

Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Mga kapatid, sa pamamagitan ng Espiritung Banal, hilingin natin sa Ama ang biyaya ng pagkilala sa kanyang kalooban at sa misteryo ng kanyang Kaharian. Buong pagtitiwala nating idalangin:

T—O Diyos, dinggin mo kami.

L—Tulungan mo ang mga pinuno ng aming Simbahan. Kanila nawang mapagtanto ang paggalaw ng iyong Espiritu sa mundong aming ginagalawan. Kami'y dumadalangin: **(T)**

L—Makita nawa ng aming mga pinunong nasyunal at lokal, at naming mga mamamayan, ang iyong mukha sa isa't isa upang aming tratuhin ang isa't-isa nang may pagkilala sa dignidad at karapatang pantao. Kami'y dumadalangin: **(T)**

L—Tulungan mo ang bawat pamilyang maisabuhay ang iyong kabutihan sa pagsisikap ng bawat magulang, anak, at kapatid na maging mapagmahal sa isa't isa. Kami'y dumadalangin: **(T)**

L—Patuluyin mo ang mga yumao naming mahal sa iyong kaharian. Kami'y dumadalangin: **(T)**

L—Itaas din natin ang mga kapatid nating nangangailangan ng panalangin, ang mga pangangailangan ng ating pamayanan, at ang ating personal na mga kahilingan. *(Tumahimik)*. Kami'y dumadalangin: **(T)**

P—O Diyos, dinggin mo ang

aming pagsusumamo habang aming sinisikap unawain ang misteryo ng kahariang iyong ibinunyag sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

B—Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



Paghahain ng Alay *(Tumayo)*

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, kami nawa'y dalisayin at panibaguhin ng aming gaganaping paghahain. Kami nawa'y itaguyod ng gagawin naming sundin ang loob mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen

Prepasyo *(Karaniwan II)*

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamat.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat. sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo... (Lumuhod)

Pagbubunyi *(Tumayo)*

B—Si Kristo ay namatay! Si Kristo ay nabuhay! Si Kristo ay babalik sa wakas ng panahon!

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang

(Lumuhod)

P—Ito ang Kordero ng Diyos...

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon (Jn 3:16)

Pag-ibig sa sanlibutan, ng D'yos ay gayon na lamang, kanyang Anak ibinigay, upang mabuhay kailanman ang nananalig na tunay.

Panalangin Pagkapakinabang

(Tumayo)

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang ay gawin mong laging manabik na pagsaluhan ang kaloob mong ito sa aming ikabubuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo't hingin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagpala, basbasan mo ng tibay ng kalooban ang iyong sambayanan upang mamalaging tapat sa pagsunod sa iyo at maligayang magkamit ng pagmamahal mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (+) at Espiritu Santo.

B—Amen.

Pangwakas

P—Humayo kayong mapayapa.

B—Salamat sa Diyos.